



DXN Cotabato, mas pinaigting

Sinulat ni Dennis De Lira



Along pinaigting at pinalakas ang puwersa ng buong DXN Cotabato sa pagbisita nina **Double Crown Diamond Lourdes 'Lulu' Santos** at **Sales and Training Manager Juliet Tugano** sa branch nito na matatagpuan sa 2nd Floor, Hotel Castro, Sinsuat Avenue, Cotabato City noong **May 23-24, 2015**.

Pinangunahan ni Sales and Training Manager Juliet Tugano ang **planning activities** sa mga *network leaders* sa Cotabato noong May 23 upang makagawa ng tamang istrategiya para sa paglaki ng *sales* sa Cotabato City at mga karatig nitong lugar.

Naging buong araw naman ang inilaan ni Double Crown Diamond Lourdes 'Lulu' Santos para sa mga taga-Cotabato upang ituro ang dalawang bahagi ng kanyang module na **Extreme Marketing** noong May 24 na sinabayan pa niya ng isa pang matinding module pinamagatang **Improving One's Selling Skills** na malaking tulong para sa mga Distributors upang magkaroon ng dagdag kaalaman para sa pagbebenta ng produkto ng DXN.

Kasama rin sa mga naging paksa ang kahalagahan ng *Marketing* sa pagpapalago ng negosiyong DXN laluna sa mahahalagang aspeto na may kinalaman sa *revenues, profits at valuation (net worth)*.


Bukod sa mga Star Rubies, Star Agents at mga Distributors ng Cotabato, ang nasabing *activity* ay dinaluhan din ng mga distributors

mula sa **Midsayap, Isulan, Pikit, Kidapawan, Sultan Kudarat, Lebak, Ampatuan, Aleosan at Datu Odin Sinsuat**.

Higit pa sa mainit na pagtanggap, masasabing isang naging malaking tagumpay ang dalawang araw na activity sa Cotabato City dahil na rin sa suportang ibinigay ng mga top leaders at prime movers ng merkado sa Cotabato kabilang na sina **ESSD Frederick Castro, EDD Hadidja Nur, ESSD Hamid Balimbingan, ESSD Alfonso Antara** at marami pang iba.

Inaasahan na higit na madaragdagan ang motivation at excitement ng mga network leaders at distributors sa Cotabato City at sa mga karatig na lugar nito sa Mindanao na magsisilbing tulay tungo sa patuloy na pag-unlad ng kanilang negosiyong DXN. ■

Ang mapaminsalang epekto ng Free Radicals



Alamin sa Pahina 2

Ang mapaminsalang epekto ng *Free Radicals*

Sinulat ni Jojo Alcuezar

Stroke, sakit sa puso, *cancer*, *kidney disease*, *rheumatoid arthritis*, mabilis na pag tanda, *brain damage*, at iba pang mga malulubhang karamdaman; ang mga ito ay maaring sanhi o dulot ng **FREE RADICAL OXIDATION**.

Ano nga ba ang free radicals?


Upang masagot ito, makakatulong ang pagsuring muli sa ilang *basic scientific facts*. Bawat bagay ay gawa sa *atom*. Ang iyong katawan ay gawa sa 20 uri ng *atoms*, 90% nito ay binubuo ng 4 na pangunahing *atoms* — *hydrogen*, *oxygen*, *carbon*, at *nitrogen*. Ang mga *atoms* kapag pinagsama ay magiging *molecule*. Kapag pinagsama ang dalawang *atoms* ng *hydrogen* (H_2) at isang *atom* ng *oxygen* (O) ay magiging *water molecule* (H_2O). Ang mga *molecules* ay sangkap ng mga *cells*; ang mga *cells* ay nabubuon ng mga *tissues*; ang mga *tissues* ay magiging *body organs*. Ang iyong katawan ay binubuo ng iba't-ibang mga sangkap na nag-uugnayan at nagtutulungan upang ikaw'y makagalaw at mabuhay.

Ang *atom* ay may 3 bahagi: *protons* (positively-charged), *neutrons* (no charge), at *electrons* (negatively-charged). Ang *protons* at ang *neutrons* ay permanenting nakadikit sa gitna ng *atom* — *nucleus*. Ang mga *negatively-charged electrons* ay 'di naka-fixed sa *atom*, umiikot-ikot sila sa *nucleus*, attracted sa *positively-charged protons*. May pagkakataong natatanggal ang mga *electrons* mula sa *orbit* na kanilang dinadaan, lumilipat sa ibang *atom*. Ang paglipat-lipat ng *electron* sa iba't-ibang *atoms* ay lumilikha ng *chemical reactions*, ito ang saligan (*basis*) ng *electric current*. Ang mga *electrons* ang responsable sa mga *chemical reactions* sa halos lahat ng bagay sa *Universe*. *Electrons* ang responsable sa pag-uugnay ng mga *atoms* upang lumikha ng *molecule*. *Molecules* ang huwaran sa pagbuo ng halos lahat ng bagay kabilang ang tao at ang mundo. Lahat halos ng kagalawan, maging ng mga likha ng *advance technology* ay may kaugnayan sa *electrons*.

Ang bawat *atom* ay may iba-ibang bilang ng *electrons*. Ang *hydrogen atom* ay nagtataglay lamang ng iisang *electron* (*unstable*), habang ang *oxygen atom* naman ay may 8 *electrons* (*stable*). Ang mga *atoms* na nagtataglay ng *even numbers of electrons* ay matatag (*stable*). Ang may *odd numbers* ay mabuay (*unstable*).


Ang *atom* na *stable* ay 'di na makipag *engage* sa ibang *atom* in *chemical reactions*. Ang mga *unstable atoms* naman ay *highly-active* at madaling mag-react o ma-attract sa iba pang *atoms* o *compounds*. Hangad makakamit ng katatagan (*stability*), ang mga *unstable atoms* ay makipag ugnayan sa ibang *atoms* sa pamamagitan ng *sharing of their outer electrons*. May mga *atoms* na kayang makipag link sa iisang *atom* lamang; ang iba ay kayang makipag ugnayan sa 2 o sa 3. Ngunit may mga *atoms* na magawang makipag *bonding* sa maraming *atoms* na maaring makalikha ng kumpol-kumpol na *molecules*. Ito ay maaring magresulta ng *mutation* o negatibong epekto. Ang mga ito ang tinatawag na *Free radicals*. Paniwala ng mga eksperto, kalimitang sanhi ng maraming malulubhang karamdaman ay sanhi ng *uncontrollable free radical reactions*, kabilang dito ay ang sakit na *cancer*.

Ang atom ay binubuo ng 3 bahagi: protons (positively-charged), neutrons (no charge), electrons (negatively-charged).




Kung gaano karami ang electrons sa isang atom ay ganun din karami ang positive charges sa nucleus nito. Kung kaya't kadalasan, ang atom ay may neutral charge.

Ang mga *electrons* ay umiikot at nananahan sa isang lugar ng *atom* na tinatawag na *orbitals*. Ang *orbital* na may lamang 2 *electrons* ay puno o *stable*. Ang *orbital* na may iisang *electron* lamang ay kapus o *unstable*. Ang *unstable* na *atom* ay 'di mapakali at laging naghahanap ng makapareha.



Ang mga *atoms* ay maaring makipag-ugnayan sa ibang *atom* sa pamamagitan ng pagsi-share ng kani-kanilang mga *electrons*. Ang ugnayang ito ay tinatawag na '*bonds*'.




Ano naman ang *oxidation*?

Ang mga *unstable atoms* ay magnanakaw ng *electrons* sa iba pang *atoms* upang ma-*stabilize* ang mga sarile. Ang ninakawang mga *atoms* ay magiging *unstable* na rin, magiging mga *free radicals* at siya naman ngayong mang-aagaw ng *electron* sa ibang *atoms* — ito ang *oxidation process*. Magdudulot ito ng *chain reaction* na mag resulta ng pinsala o *mutation* sa bawat madaanang *tissues* ng iyong katawan.

Ang *free radicals* ay 'di naman talaga masama sa lahat ng pagkakataon

Kung minsan ang mga *free radicals* ay sadyang nilikha ng iyong immune system upang labanan ang mga *viruses* at *bacteria*. Ang mga *free radicals* ay nakakatulong sa maraming mahalagang *chemical reactions* sa iyong katawan. Ang iyong katawan ay nangangailangan ng *free radicals* upang makalikha ng *melanin* na siyang proteksyon ng iyong DNA laban sa mapaminsalang *UV radiation* ng araw. Nagkaka problema lamang kapag ang na-*produced* na *free radicals* ay humihigit sa kinakailangan ng iyong katawan. Ito ang madalas na nangyayari. Ang labis-labis na supply ng *free radicals* ay maaring resulta ng sobrang *exposure* sa *radiation*, paninigarilyo, usok ng sasakyan, *electromagnetic waves*, *environmental pollution*, *ultra violet rays*, *too much stress*, at *food preservatives*.




Dito ngayon papasok ang *antioxidants*

Ang tungkulin ng *antioxidant* ay i-*regulate* o kumontrol ang *free radical activity* upang mapangalagaan ang iyong kalusugan. Nagagawa ito ng *antioxidant* sa pamamagitan ng pagdu-*donate* ng *electrons* sa mga *free radicals* upang ma-*convert* ang iba sa *non-radical form* at 'di na maging *hyperactive*. Ang mga prutas at gulay ay mainam na *sources* ng *antioxidants*. Ang *Vitamin C* at *vitamin E* ang pinaka *powerful antioxidants*. Ang *selenium*, *flavonoids*, at *beta carotene* ay mabisa ring *antioxidants*. Ang mainam na mapagkukuhanan ng *flavonoids* ay *fruits*, *red wine*, at *teas*. Ang pagbalanse sa pagitan ng *free radicals* at ng *antioxidants* ay nararapat upang makamantan ang wastong kalusugan. ■



- Reishi Gano (GL)
- Ganocellum (GL)
- Cordypine
- Morinzhi
- Morinzyme
- Roselle Juice / Tablet
- Bee Pollen
- Poten-Zhi



DXN APP

is now in **Philippines**

Download
DXN Mobile App



Install our app to conduct your business quicker and shop with DXN easily. We are a well-known Ganoderma and networking company with worldwide operations and we now have an exclusive app for members to manage their business on the go and experience online shopping anywhere, anytime!

App features:

- Get exclusive promotion and offers
- Free member registration - register membership to enjoy special deals and promotion
- Check and review month to month bonus information
- Check status and qualification level
- PPV information - review personal and group PV
- Check E-Point balance and transaction history
- Browse for complete products categories and place order through secure checkout process
- Get order tracking status
- Get latest news and events

DXN HEADQUARTERS REGULAR TRAINING SCHEDULE

TRAINING SESSIONS	MON	TUES	WED	THUR	FRI	SAT	SUN
Business Opportunity Meeting (BOM)	1:30 PM	1:30 PM	1:30 PM	1:30 PM	1:30 PM	1:30 PM	1:30 PM
Ganotherapy		3:30 PM		3:30 PM		3:30 PM	3:30 PM
Product Presentation	3:30 PM		3:30 PM		3:30 PM	6:00 PM (1 Slot)	
New Distributors Training (NDT)		6:00 PM				6:00 PM	6:00 PM
Unilevel Icing on the Cake & Party Selling	6:00 PM						
BOM & Unilevel Icing on the Cake			6:00 PM				
DXN Culture				6:00 PM			
Understanding the Marketing Plan (UMP)					6:00 PM		
Special Sessions:					3:30 PM (1 Slot)		
Product in Focus	Once a Month						
Mega Sizzles	Exact schedule to be announced from time to time						